**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**OFFICE OF THE CITY PROSECUTOR**
**HALL OF JUSTICE**
**QUEZON CITY, METRO MANILA**

**LOURDES SIMBULAN y ESTELLA, represented by ROLAND SIMBULAN**
**Complainant,**

**-versus-**

**DANIEL ESPINOSA y OYANIN**
**Respondent.**

**I.S. No. XV-03-INV. 11E-03792**

**For: Reckless Imprudence Resulting In Homicide Damage To Property and Violation of Article 275 par. 2 of the Revised Penal Code**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

# KONTRA-SINUMPAANG SALAYSAY

**AKO, si DANIEL ESPINOSA Y OYANIN,** may sapat na gulang, at may asawa at naninirahan sa Velasquez St., Bangiad, Barangay San Juan, Taytay, Rizal, at kasalukuyang nanunuluyan sa loob ng Criminal Investigation and Detection Unit (CIDU) ng Quezon City Police District at kasalukuyang nasa ilalim ng police protective custody sa aking pakiusap kay PNP General George T. Regis, sa pamamagitan ng aking abogadong si Atty. Salvador Panelo, ang liham ng aking abogado ay nakakabit sa salaysay na ito bilang **ANNEX "A"** ng Sinumpaang Salaysay na ito, matapos akong manumpa ng naaayon sa batas, ay malaya at kusa akong nagpapahayag ng mga sumusunod na salaysay kaugnay sa reklamong inihain sa akin sa Tanggapan ng Tagausig ng Lungsod Ng Quezon sa salang *Reckless Imprudence Resulting In Homicide*, at *Damage To Property*, and paglabag sa *Article 275, paragraph 2* ng *Revised Penal Code*, upang pasinungalingan ko ang paratang sa akin at isiwalat ko ang katotohanan kaugnay sa aksidenting naganap sa Commonwealth Avenue, Quezon City, sa harapan ng *UP Land Techno Hub* nuong ika-labing tatlong

buwan ng Mayo, taong 2011 bandang alas sais, humigit-kumulang ng hapon:

1. Na ako ay nagtratrabaho ng isang taon, humigit kumulang, bilang isang driver ng bus na pag-aari ng Universal Guiding Star Bus Line Corporation na may opisina sa B5-L12, DMMA, North Fairview, Quezon City, at may Bus Terminal na matatagpuan sa Barangay Social Homes #177 Main Road, Zabarte, Caloocan City;

2. Na ako ay may karanasan ng pagmamaneho, humigit-kumulang, ng sampung taon, apat na taon bilang driver ng bus at anim na taon bilang driver ng iba't-ibang sasakyan;

3. Na nuong ika-labing tatlo ng Mayo, taong 2011, ako ay nagreport sa aking trabaho sa aming bus terminal sa Zabarte, Caloocan, bago mag-alas sais ng umaga kasama ang aking kunduktor ng bus na si Philip Llano, at ang aking minanehong bus ay may Bus No. 927103 at may Plate No. UVC 343;

4. Na ako at ang aking driver ay nagpasada ng rota ng Caloocan-Quiapo at Quiapo-Caloocan ng apat na beses at yung aming pang-limang pasada o trip ay nagsimula ng humigit-kumulang na alas singco (5 p.m.) ng hapon mula sa aming terminal sa Caloocan papuntang Quiapo;

5. Na kami ng aking kunduktor na si Philip Llano ay namulot ng pasahero sa daan at kami ay tumatakbo ng tama o regular na bilis o speed at napuno ang aking bus na minamaneho;

6. Na nuong binabagtas namin ang kahabaan ng Commonwealth Avenue, Quezon City, sa nabanggit na petsa, mga bandang alas-sais (6:00 p.m.) ng hapon habang nag-aagaw ang araw at dilim, kami nuon ay papalapit na sa overpass bago dumating ang Ayala Land Techno Hub, ay may dalawang bus ng Nova Auto Transit na ang pasada ay papuntang Baclaran, yung isang Nova bus ino-overtake ako sa kaliwa at yung isa naming Nova bus ino-overtake ako sa kanan;

7. Na ang takbo ng aking minamanehong bus ay ang maximum speed limit sa Commonwealth Avenue na 60 kph lamang, at dahil na overtake ako ng dalawang Nova bus, sa tantiya ko ang nabanggit na dalawang Nova

bus ay humahagibis ng sitenta (70 kph) bawat kilometro ang kanilang bilis o speed na takbo;

8. Na matapos nilang ma-overtake ang minamaneho kong bus, ang dalawang Nova bus ay halos nagkadikit ang kanilang dalawang tabi at tuloy pa rin ang kanilang pagkakarera hanggang papalapit na sila at ako naman ay sa harapan ng Ayala Land Techno Hub;

9. Na nuong, ang dalawang Nova bus ay nasa tapat na ng Techno Hub ay nakita ko silang naghiwalay at yung nasa kaliwa ng Nova bus ay nakita ko na nilampasan ang isang taxi na may Plate No. TXH 532 na parang huminto sa yellow or bus lane, at yung isa na Nova bus na nasa kanan na may body No. 080 ay lumihis ng pakanan upang lampasan ang nabanggit na taxi subalit nahagip nito ang bandang likuran ng taxi at inararo nito ang kanang bahagi ng taxi at dahil sa impact o sa lakas ng tama ng bunggo ng nasabing Nova bus, ang taxi ay bumalandra at napapwesto sa dadaanan ng bus na aking minamaneho;

10. Na ang aking minamanehong bus ng mga sandaling iyon ay humigit kumulang na nasa pitumpo (50) metro ang layo sa nabanggit na bus – at ng makita ko ang pagkabangga ng Nova bus sa nabanggit na taxi – ako ay nag-apply kaagad ng aking brakes at kinabig ko ang minamaneho kong bus sa bandang kanan at ito ay sumadsad at umakyat sa gutter ng harapan ng Techno Hub at bumunggo ito isang maliit na punong kahoy na nababalutan ng isang frame na bakal, subalit kahit na sa harap ng aking pag-iwas ay nahagip ko pa rin ang bandang likuran ng nasabing taxi;

11. Na nuong sumadsad ng ang minamaneho kong bus sa sidewalk sa harap ng Techno Hub ay nakita ko ang Nova bus na bumangga sa taxi na pumarada sa unahan ng pinangyarihan ng aksidente, mga ilang metro ang layo sa exit driveway ng Techno Hub at nakita ko na lahat ng pasahero niya ay bumaba;

12. Na sa aking malaking takot na ako ay bugbugin ng mga tao gaya ng ginagawang pagbubugbog sa mga driver ng sasakyan na nakakabunggo at nakakamatay o nakakasugat ng pasahero, at dahil na rin sa aking kalituhan, at sapagkat ako ay probinsyano lamang at wala masyadong kakilala sa Maynila, ako ay sumakay sa isang **JFT** bus na papuntang Baclaran at huminto sa lugar ng pinangyarihan at ako ay sumakay dito;

13. Na ang aking sinakyang JFT bus ay pinara din ng kunduktor ng Nova bus na bumangga sa nabanggit na taxi at pinasakay niya ang mga dalawampung pasaherong na nakasakay sa nabanggit na Nova bus;

14. Na ako ay bumaba Ecsa-Ortigas at sumakay ng G-Liner papunta sa aming tinitrahan sa Taytay, Rizal, at ako ay dumating sa aming bahay ng mga alas otso (8:00 p.m.) ng gabi ng araw ding iyon;

15. Na nagpaalam ako sa aking asawa na si Virginia Bacatan-Espinosa at sinabi ko sa kanya na aalis muna ako at ako ay nalilito pa kung ano ang gagawin ko sapagkat ako ay napasama sa isang aksidente at hindi ko alam kung anong nararapat kung gawin;

16. Na umalis ako sa bahay namin ng mga alas nueve (9 p.m.) ng gabi at ako ay nagpunta sa bus terminal sa Baclaran at bumili ako ng ticket papuntang Tacloban at duon ako sa terminal ng bus sa Baclaran natulog sapagkat ang alis ng bus papuntang Tacloban ay kinaumagahan pa (Mayo 15, 2011) ng alas dose (12:00 pm) ng tanghali;

17. Na dumating ako sa Tacloban ng sa pagitan ng alas diez (10:00 p.m.) at alas onse (11:00 p.m.) ng gabi ng lunes (Mayo 16, 2011) at pagkatapos ako ay bumili ng ticket papuntang Davao, at umalis ang bus papuntang Davao na sinakyan ko ng bandang alas dose (12:00 pm) ng gabi ding iyon;

18. Na dalawang araw ng ginugul ng biyaheng Tacloban-Davao at dumating ako sa Davao ng mga alas otso (8:00 p;.m.) ng gabi ng (March 18, 2011), at ako ay kaagad pumunta sa bahay ng kapatid kong si Nenita Jaum at dumating ako duon ng mga alas onse (11:00 p.m.) ng gabi at duon na ako sa kapatid ko natulog ng gabing iyon;

19. Na kinaumagahan ng Huwebes (Mayo 19, 2011), napayuhan ako ng mga kapatid ko na pumunta kay dating Mayor ngayon Vice-Mayor Rudy Duterte sapagkat ang sabi nila mas mabuting ako ay magpasailalim sa proseso ng batas sapagkat wala naman akong kasalanan at aksidenteng hindi maiiwasan ang nangyari sa akin;

20. Na ipinaliwanag ko kay Davao Vice-Mayor Rudy Duterte ang mga kalakarang nakapaligid sa aksidenteng nabanggit at kung bakit ako umalis sa lugar ng pinangyarihan ng sakuna;

21. Na sinabihan ako ni Vice-Mayor Rudy Duterte na mabuti raw ang ginawa kong pagpunta sa kaniya at mga kusa kong pagpunta sa mga kapangyarihan upang sumailalim sa proceso ng batas, at matapos kong sabihin sa kaniya wala akong abogado sinabihan niya ako na bibigyan niya ako ng abogado at pinakiusapan niya si Atty. Salvador Panelo sa pamamagitan ng telefono ng mga pasado alas onse (11:00 p.m) ng gabi ng Biernes na maging abogado ko;

22. Na kami ng aking kapatid na si Nenita Jaum at aking escort na si Senior Police Inspector Leonardo Pamplona ng PNP Davao ay lumipad papuntang Maynila sakay ng Philippine Airlines ng mga alas diez (10:00 pm) ng gabi at dumating kami sa Terminal 2 ng NAIA mag-aalas dose (12:00 p.m.) ng gabi at kami ay nagtungo sa Quezon City Police District sa Camp Karingal, Quezon City kung saan ako, sa pamamagitan ng aking nabanggit na abogado ay humingi ng Police Protective Custody upang ako ay malayo sa ano mang tangka sa aking kaligtasan at upang iparamdam sa mga naiwang pamilya ng namatay sa aksidente na si Chit Estella-Simbulan, na ako ay bukas sa anomang imbestigasyon at proseso ng batas kaugnay sa nabanggit na aksidente;

## *Ako ay walang pananagutan sa pag-kamatay ng nasirang Chit Estella-Simbulan*

23. Na gaya ng nailarawan ko na sa unang bahagi ng aking salaysay, ang naganap na aksidente na humantong sa pagkamatay ng pasahero ng nabanggit na taxi na minamaneho ni ***Vito Jugunos ay hindi maaaring isisi sa akin sapagkat ang aking pagkabundol sa taxing sinasakyan ng nasawi ay hindi sapat na maiiwasan sapagkat ang nabanggit na taxi ay bumalandra sa dadaanan ng minamaneho kong bus matapos itong mabundol at maararo ng isang Nova bus na nakikipagkarera pa sa isa pang Nova bus;***

24. Na dahilan sa pagkarera ng dalawang nabanggit na Nova bus, na nasa unahan ng bus na aking minamaneho, ay hindi ko nakita ang taxi na nasa yellow o bus lane sapagkat ito ay natakpan ng nabanggit na dalawang Nova bus na halos magkadikit sil ng ang mga ito ay magkarera sa harapan ng Ayala Land Techno Hub, at nakita ko na lamang ang nabanggit na taxi ng ang dalawang bus ay naghiwalay upang lampasan ang taxi at nabundol at naararo ng nasa kanang Nova bus ang nasabing taxi;

25. Na ng makita ko ang pagkabundol at pagka-araro ng nasabing taxi at ito ay bumalandra sa dadaanan ng bus na aking minamaneho, ako ay kaagad nag brake, subalit dahil sa mga ilang metro lang ang layo ko sa taxi ng makita ko ito ng mabundol ng nabanggit na Nova bus, ang aking minamanehong bus ay tatama pa rin sa taxi kaya ang ginawa ko ay kinabig ko ang manibela ng bus pakanan upang iwasan na mabunggo ang taxi subalit nahagip pa rin ito;

26. Na kung hindi ko nakabig sa kanan ang minamaneho kong bus ay marahil nawasak ng bus kong minamaneho ang buong taxi na maaaring ikamatay rin nuong taxi driver na si Vito Jugunos maliban pa sa kaniyang pasahero na si Chit Estella-Simbulan;

***Ang "proximate cause" ng aksidente ay ang kawalan ng pag-ingat ng pagmamaneho ng nabanggit na taxi driver, at walang pakundangang pagpunta nito sa yellow bus lane na para sa mga bus lamang at ang kawalan din ng pag-iingat sa pagmamaneho ng dalawang driver ng Nova bus na walang pakundangang nagkakarera sa Commonwealth Avenue sa bilis na lampas na itinatakdang speed limit na 60 kph***

27. Na maliwanag sa mga pangyayari na ang "proximate cause" o ang punot-dulo ng aksidente na humantong sa pagkamatay ng pasaherong si Chit Estella-Simbulan at pagkasira ng sasakyang taxi ay ang kawalan ng pag-ingat sa pagmamaneho ng na nabanggit na taxi driver at sa walang pakundangang pagpunta nito sa yellow o bus lane na para sa mga bus lamang – at ganun din ang kawalan ng pag-ingat sa pagmamaneho ng dalawang driver ng Nova bus at sa walang pakundangang pagkarera ng mga ito sa Commonwealth Avenue sa bilis na lampas sa itinatakdang bilis o speed limit na 60 kph;

***Dalawang testigo sa katauhan ni Honorio Panaga at Jonathan Calixtro ang nagpapatunay na ang unang bumangga at umararo sa taxi ay ang isang Nova bus***

28. Na hindi mapapasinungalingan na isang Nova bus ang unang bumangga at umararo ng taxi bago ito maiwasan at nahagip ng bus na aking minamaneho, ang sinumpaang salaysay ni Honorio Panaga at Jonathan Calixtro, ay aking isinasama at ginagawang bahagi ng sinumpaang salaysay kong ito bilang **ANNEXES "B" at "B-1"**.

Si Honorio Panaga at Jonathan Calixtro ay isang driver at kunductor ng isa pang bus ng Universal Guiding Star na may Bus Body No. 927103 at Plate No: UVC 343 Nailarawan sa kanilang salaysay ang pangyayari sa naganap na naaksidente kung saan nakita – at napag-alaman nila na isang Nova bus ang unang bumangga at umararo sa nasabing taxi bago ko hindi na maiwasang mahagip ito;

***Ang pinturang berde at dilaw na siyang dominanteng kulay ng Nova bus ay nakadikit sa nasirang katawan ng nabanggit na taxi particular***

***na sa bahaging likod at kanang bahagi nito, isang malaking pruweba o "physical evidence" na hindi maaaring sirain ng ano mang "testimonial evidence" na ang unang bumangga at umararo sa nabanggit na taxi ay ang isang Nova bus***

29. Na hindi rin mapapasinungalingan ng isang Nova bus ang unang bumangga at umararo sa nabanggit na taxi ng kahit na anong tanggi ng Nova Auto Transit na wala sa kanilang bus ang sangkot sa aksidente sapagkat ang "*physical evidence*" na binubuo ng pinturang berde at dilaw na siyang dominanteng kulay ng lahat ng Nova Bus ay nakadikit sa nasirang katawan ng nabanggit na taxi lalong lalo na sa bandang likuran at kanang bahagi ng nabanggit na taxi – at ang mga kulay na nabanggit ay makikita sa mga kuhang larawan na isinasama ko na bahagi ng aking salaysay bilang **ANNEXES "C", "D" at "E";**

***Ang "skid marks" o marka ng mga gulong ng Nova bus sa lugar ng pinangyarihan ng aksidente ay isa pang patunay na ang Nova bus ang unang bumangga at umararo sa nabanggit na taxi***

30. Na ang isa pang patunay na ang isang Nova bus ang unang bumondol at umararo sa nabanggit na taxi ay ang mga skid marks o mga marka ng mga gulong ng Nova bus na naiwan sa kalsada o bahagi ng Commonwealth Avenue kung saan naganap ang aksidente. Ang mga skid marks na ito ay makikita sa nakuhang larawan na aking isinasama sa salaysay na ito bilang **ANNEX "F"**. Mapapansin na ang mga "skid marks" ay lampas at malayo sa pinagsadsaran ng aking bus na minamaneho.

***Ang "Paint analysis" na ginawa ng Philippine National Police Crime Laboratory ay isang pagpatunay na isang Nova bus ang unang bumanggao at umáraro sa nawasak na taxi***

Sang-ayon kay Police Superintendent Arnold Santiago, ang nagsagawa ng pangalawang imbestigasyon na humingi nang aking abogado sa Quezon City Police District, ay lumalabas sa isang ***"paint analysis"*** o pagsuri sa mga nakadikit na pinta na kulay berde at yellow sa nawasak na taxi na ang mga naiwang bakas ng nabanggit na pintura ay hindi galing sa aking bus na minamaneho kung hindi galing sa isang Nova bus. Ang isang news item tungkol ditto ay lumabas sa *Philippine Daily Inquirer* na sinulat ni *Nancy C. Carvajal* at sa petsang *Mayo 26, 2011*, at isinasama ko ang isang "photocopy" ng news item na ito sa aking salaysay bilang **ANNEX "G"**. Ang resulta ng paint analysis naman ay napapaloob sa **"Supplemental Complaint"** na inihain ng Quezon City Police District kaugnay sa kasong ito laban sa Nova bus driver na si Oliver Ancheta at ng taxi driver na si Vito Jagunos, ang nabanggit na *Supplemental Complaint* na may petsang June 3, 2011 ay aking isinasama sa aking Sinumpaang Salaysay bilang **ANNEX "H"** kasama ang kalakip na mga sinumpaang salaysay ng mga nakasaksi sa nabanggit na sakuna at ng mga pulis na nag-imbistiga sa aksidente at iba pang mga dokumento;

***Hindi ako dapat managot sa pananagutang sibil kaugnay sa sampa ng kasong kriminal kung hindi ang driver ng Auto Nova Line at ang operator nito pati ang taxi driver at ang operator nito ang siyang dapat managot sa mga pananagutang sibil at lahat ng gastusin na***

***ginugul ng pamilya ng namatay na si Ginang Chit Estella-Simbulan kaugnay sa pagkamatay, pagburol at paglibing nito***

Salungat sa alegasyon o sinasabi ni Ginoong Roland G. Simbulan, kabiyak ng nasirang Lourdes "Chit" Estella-Simbulan sa kaniyang "Supplemental Complaint-Affidavit" na ako raw ay "reckless" o walang ingat at walang pakundangang nagmamaneho ng aking minamanehong bus nuong ika-labing tatlo (13) ng Mayo taong 2011 sa Commonwealth Ave., Quezon City, bandang alas sais (6:00 p.m.) ng hapon at aking nabundol ang taxi na sinasakyan ng nabanggit na si Chit Simbulan na siyang naging sanhi ng ikinamatay nito, ako ay ***maingat*** na nagmaneho ng aking minamanehong bus, kagaya ng naunang nabanggit ko na sa unang bahagi ng salaysay na ito, ng mga oras, araw at lugar na yun, at ang aking takbo ay nasa 60 kph lamang, ng makita ko ang dalawang Nova bus na nagkakarera at ako ay inovertake at ng matapat sila sa Ayala Land Techno Hub ay nabangga nuong nasa kanang bahagi ko na Nova Bus na may Body No. 080 ang isang Abu Abbey Taxi na may Plate No. TXH 532 at ang nabanggit na taxi na sa umpisa ay hindi ko nakita sapagkat ito ay nasa unahan ng dalawang nabanggit na nagkakarerang Nova bus at natatakpan ng dalawang Nova bus ang nabanggit na taxi nuong ang mga ito ay halos magkadikit sa kalsadang Commonwealth;

Matapos mabangga ng Nova bus na may Body No. 080 ang taxi ay bumalandra sa aking dadaanan at ng Makita ko ito kaagad akong nag"apply" ng aking brakes subalit aabutin pa rin nito at tatamaan ang taxi kaya ang ginawa ko ay aking kinabig sa bandang kanan ang aking minamanehong bus at ako ay umakyat sa gutter sa harap ng Ayala Land Techno Hub at sumadsad at nabundol ko ang isang maliit na punong kahoy na may ballot na *"steel frame" (ang punong ito ay makikitang nakatumba sa larawan na may marking* ***"ANNEX "F"*** *kung saan matatagpuan ang skid marks na iniwan ng Nova bus na may Body No. 080)* subalit sa harap ng aking pag-iwas ang taxi ay nahagip ko pa rin ang nabanggit na taxi sa bandang likuran nito na nagresulta ng hindi kalakihang sira sa bandang kaliwang unahan nito na makikita sa

Ang taxi driver na si Vito Jagunos sa pagnanais nito na makaiwas sa kaniyang pananagutang kriminal at/o sibil, at upang itago ang katotohanan na siya ay lumabag sa batas trapiko ng ito ay walang ingat at walang pakundangan o "reckless" na tumawid papuntang yellow or bus lane matapos itong nagsagawa ng U-turn sa tapat ng Ayala Land Techno Hub ng ito ay manggaling sa dereksyon papuntang U.P. upang ito ay umatras papuntang entrance driveway ng Ayala Land Techno Hub upang ibaba nito sa loob ng compound ang kaniyang pasaherong si Chit Simbulan, ay nagsisinungaling sa kaniyang sinumpaang salaysay ng sinabi nitong galing siya sa Tandang Sora kung saan diumano ay pinick-up niya ang nabanggit na pasahero at kumanan sa Visayas Avenue, nag-U-turn diumano sa tapat ng shell, kumanan sa Central Avenue, at sa dulo nito ay kumanan sa Commonwealth Ave., at diumano ay siya ay pumunta sa pinaka-kanang lane upang ibaba ang nabanggit na pasahero sa "unloading dock" lampas sa entrance driveway ng Ayala Land Techno Hub;

Ang ***sentido komon*** at ***lohika*** ay magsasabi na ang taxi driver ay hindi totoong galing sa Central Avenue at kumanan sa Commonwealth Ave., sapagkat kung totoo ito sana ay pumasok na siya sa entrance driveway at ihahatid niya sa loob ng compound ng Ayala Land Techno Hub ang kaniyang pasaherong si Chit Simbulan. Isa pa ang sakuna o ang pagkabundol niya ay hindi sana naganap ilang metro malayo sa entrance driveway ng Ayala Land Techno Hub kung hindi duon sa dumating nang entrance driveway ng Ayala Land Techno Hub;

Maliban pa sa sentido komon *(common sense)* at lohika *(logic)*, ay isang hindi interesadong ***(disinterested witness)*** testigo sa katauhan ni William Amandy, anim na put apat (64) na taong gulang, na nakakita sa naganap na sakuna ay nagsagawa ng isang sinumpang salaysay sa himpilan ng pulisya ng Quezon City at sinabi nito nakita niya na ang taxi na minamaneho ni Vito Jagunos ay pabiglang tumawid sa Commonwealth Ave., mula sa U-turn slot lane sa tapat ng Ayala Land Techno Hub at ng ito ay makarating sa tabi ng kalsada ay umatras ito papunta ng entrance driveway ng Ayala Land Techno Hub ng ito ay binunggo ng isang Nova bus na may Body No. 080 at pagkatapos ay nabunggo naman ito ng bus na minamaneho ni Daniel Espinosa. Ang bahagi ng sinumpaan salaysay ni William Amandy ay ang sumusunod

larawan na isinasama ko sa Sinumpaang Salaysay na ito bilang **ANNEX "I"**;

At sapagkat ang aking pagkabundol sa nasabing taxi ay hindi maiiwasan sa aking bahagi, dahil ang ***"proximate cause"*** o punot-dulo ng aksidente na siyang kinasanhi ng pagkamatay ni Chit Simbulan ay ang ***mali, at walang ingat na – at walang – pakundangang pagtawid ng taxi driver na si Vito Jagunos sa Commonwealth Avenue, matapos itong gumawa ng "U-turn slot" sa harap ng Ayala Land Techno Hub – at ang mali, ang walang ingat at walang pakundangan o "reckless" na pagkakarera – at pagpatakbo ng mabilis na higit sa speed limit na 60 kph, ng bus driver na si Victor Ancheta*** at ng isa pang hindi matukoy na isa pang Nova bus driver, at wala na akong pagkakataon na maiwasan ng bus ang paghagip sa bandang likuran ng nabanggit na taxi, *sa harap ng batas at umiiral na mga desisyon* ng *Korte Suprema* sa mga ganitong pagkakataon, ako ay walang pananagutang kriminal man o sibil o ano mang uri ng daños perwisyo *(actual moral, and exemplary damages)* o bayad sa abogado *(attorney's fees)*;

Sa halip, ang dapat managot sa lahat na pananagutang kriminal at o sibil man, ay ang nabanggit na Nova bus driver at taxi driver pati na ang kani-kanilang operators o ang may-ari ng nabanggit na Nova bus at Abu Abbey taxi.

***Ang taxi driver na si Vito Jagunos ay nagsisinungaling sa kaniyang sinumpaang salaysay ng binanggit nito na siya raw ay tumatahak sa Commonwealth Ave., ganuong ang katotohanan sang-ayon sa testigo na si William Amandy, ang taxi driver ay nag-U-turn sa tapat ng Ayala Land Techno Hub galing sa kabilang kalsada ng Commonwealth galing sa U.P.***

na nakasulat sa ibaba, at ang kabuuhan nito ay isinasama ko bilang **ANNEX "J"** ng aking Sinumpaang Salaysay:

> *"Tanong: Maaari bang isalaysay mo sa akin ay iyong mga nasaksihan sa sinasabi mong aksidente?*
>
> *Sagot: Kasalukuyan po akong nakaupo nuon sa damuhan tapat ng Ayala Techno Hub kalong ko po ang aking dalawang taong gulang na apo nang makita ko po ang isang taxi na pabigla'ng tumawid mula sa U-turn slot Lane papuntang gilid ng kalsada at pagdating niya po sa may pangalawang linya malapit na sa bangketa at nakita ko na lang na umaatras po ang naturang taxi pabalik sa may malapit sa Main Entrance Gate ng Ayala Techno Hub nang bigla ko na lamang nakita na nabungo ito ng isang Nova bus at halos kasunod noon ay nabunggo din ito ng Universal Guiding Star Bus at sumampa po ang bus sa bangketa at bumunggo sa isang maliit na puno ang taxi naman po ay tumilapon palayo sa bangketa samantala ang Nova bus ay dumaan sa aming harapan at nagbaba ng mga pasahero sa may unahan."* ***Sinumpaang Salaysay ni William Amady nuong ika-2 ng Hunyo 2011)***

Walang kaduda-duda na ang taxi driver na si Vito Jagunos at ang *kaniyang kawalan ng pag-ingat sa pagmamaneho at ang kaniyang mapanganib at mali, at* walang pakundangang pagtawid sa Commonwealth Ave., matapos ito magsagawa ng U-turn sa tapat ng Ayala Land Techno Hub ang siyang *"proximate cause"* o punot-dulo ng aksidente at kasama dito ay ang ***kawalan ng pag-iingat ng pagmaneho ng Nova bus driver at sa kaniyang mali at mapanganib na pakikipagkarera o recklessness" sa isa pang Nova bus driver*** na humantong sa pagkabunggo ng taxi at pagkamatay ng pasaherong si Chit Simbulan.

***Ang taxi driver na si <u>Vito Jugunos</u>, kasama ang driver ng Nova bus na***

***bumangga sa nawasak na taxi ang siyang dapat na managot sa pagkamatay at pagkasira ng mga sasakyan na nasangkot sa bungguang naganap***

31. Na maliban pa sa driver ng Nova bus na unang bumondol at umararo sa nawasak na taxi na humantong sa pagkamatay ng pasaherong si Chit Estella-Simbulan, dapat ding managot ang driver ng nabanggit na taxi na si Vito Jagunos sapagkat ang kniyang maling pagpunta sa yellow o bus lane ang punot-dulo ng naganap na aksidente.

Ang ginawa niyang pag-u-turn sa harapan ng Ayala Land Techno Hub at karakarakang at napapanganib ng pagtawid nito ng pahalang sa Commonwealth Avenue upang ibaba nito ang sinawing palad na pasaherong si Chit Simbulan, na ***labag*** sa reglamento ng trapiko at sa batas, ang siyang naging ***mitsa*** ng banggaan at ***pagkamatay*** ng isang tao at ***pagkasira*** sa mga bahagi ng mga sasakyang nasangkot sa langgam.

Kinakailangang magsampa ng demanda sa nabanggit na taxi driver, at ang driver ng Nova bus upang mabigyan ng katarungan ang pagkamatay ni Chit Estella-Simbulan.

Ang mga ebidensya, mga sinumpaang salaysay ng mga testigo at ang physical evidence, pati na ang paint analysis, kasama na ang paggamit ng lohika at sentido komon, ay nagpapakita na may *"probable cause"* laban sa dalawang drivers na nabanggit sa krimen na *"Reckless Imprudence Resulting To Homicide"* at *"Damage To Property."*

32. Na isinasagawa ko itong aking sinumpaang salaysay upang pasinungalingan ang bintang sa akin kaugnay sa kasong dinidinig ngayon at upang isalaysay ang buong katotohanan at kalakaran na nasa likiod ng sakuna at krimen na naganap nuong ika-labing tatlo ng Mayo, Taong 2011.

**WALA NA MUNA AKONG IDAGDAG SA AKING SALAYSAY SA NGAYON.**

**DANIEL O. ESPINOSA**
**Nanunumpa**

# CERTIFICATION

I hereby certify that I have personally examined the above-named affiant and I am satisfied that he has voluntarily caused the preparation of the foregoing sworn statement based on his own personal knowledge and that he has understood the contents of the same.

______________________
**ASST. CITY PROSECUTOR**

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this ______ day of June, 2011 at Quezon City.

______________________
**ASST. CITY PROSECUTOR**